

Vocabulary strategies and reading comprehension for Grade 7

Laila G. Hernandez, PhD*

Nueva Vizcaya State University, Bambang, Nueva Vizcaya, Philippines

Dolly D. Pon-elban

Nueva Vizcaya State University, Bambang, Nueva Vizcaya, Philippines

Email: yang.281615@gmail.com

ABSTRACT

This study aimed to determine the effect of vocabulary strategies on the reading comprehension of Grade 7 students. Specifically, it examined the level of students' reading comprehension before and after the implementation of the intervention, whether there was a significant change in their reading ability, and the challenges they experienced in using vocabulary strategies. The study employed a mixed-methods approach, combining quantitative and qualitative methods. In the quantitative component, a pre-test and post-test were administered to measure the students' level of reading comprehension before and after the implementation of the vocabulary strategies. Meanwhile, in the qualitative component, journal reflections and interviews were utilized to identify the experiences and challenges encountered by the students in the process of using the strategies. The participants of the study consisted of 96 Grade 7 students. Based on the overall results, it was revealed that prior to the implementation of the intervention, the students' level of reading comprehension varied, with the majority falling within the low to moderate levels. After the implementation of the vocabulary strategies, an improvement in the students' reading comprehension levels was observed, indicating the positive effect of the intervention. The analysis also showed a significant difference in the level of reading comprehension before and after the intervention. Qualitative data identified several challenges, including difficulty in understanding, limited vocabulary, difficulty in expression, lack of guidance, low confidence, and time constraints. Overall, vocabulary strategies proved to be an effective intervention in improving the reading comprehension of Grade 7 students.

Keywords: Grade 7, vocabulary strategies, intervention, reading comprehension.

Date Submitted: April 6, 2026

Date Accepted: April 8, 2026

Date Published: April 16, 2026

*Corresponding author/ Email: lh920225@gmail.com

DOI: <http://doi.org/10.69651/PIJHSS0502980>

Recommended citation:

Hernandez, L. G., & Pon-elban, D. D. (2026). Vocabulary strategies and reading comprehension for Grade 7. *Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences)* 5 (2), 1298-1312.
<http://doi.org/10.69651/PIJHSS0502980>

Bokabularyong estratehiya at komprehensiyon sa pagbasa para sa Grade 7

Laila G. Hernandez, PhD

Nueva Vizcaya State University, Bambang, Nueva Vizcaya, Philippines

Dolly D. Pon-elban

Nueva Vizcaya State University, Bambang, Nueva Vizcaya, Philippines

Email: yang.281615@gmail.com

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang epekto ng bokabularyong estratehiya sa komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7. Partikular nitong tinukoy ang antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ipatupad ang interbensyon, kung may makabuluhang pagbabago sa kanilang kakayahan sa pagbasa, at ang mga hamong naranasan nila sa paggamit ng mga estratehiyang bokabularyo. Gumamit ang pag-aaral ng pinagsamang kwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan. Sa bahaging kwantitatibo, isinagawa ang pre-test at post-test upang masukat ang antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng implementasyon ng bokabularyong estratehiya. Samantala, sa bahaging kwalitatibo, ginamit ang journal reflection at panayam upang matukoy ang mga karanasan at hamong hinarap ng mga mag-aaral sa proseso ng paggamit ng mga estratehiya. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng 96 na mag-aaral sa Baitang 7. Batay sa pangkalahatang resulta ng pag-aaral, lumitaw na bago ipatupad ang interbensyon, ang antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral ay iba-iba at karamihan ay nasa mababa hanggang katamtamang antas. Matapos ipatupad ang bokabularyong estratehiya, napag-alamang may pagpapabuti sa antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral, na nagpapakita ng positibong epekto ng interbensyon. Ipinakita rin ng pagsusuri na may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng komprehensyon sa pagbasa bago at pagkatapos ng interbensyon. Sa kwalitatibong datos, natukoy ang mga hamon tulad ng kahirapan sa pag-unawa, limitadong bokabularyo, kahirapan sa pagpapahayag, kakulangan sa gabay, kawalan ng kumpiyansa, at limitasyon sa oras. Sa kabuuan, ang bokabularyong estratehiya ay epektibong interbensyon sa pagpapabuti ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade 7.

Susing salita: Baitang 7, bokabularyong estratehiya, interbensyon, komprehensyon sa pagbasa.

PANIMULA

Ang pagbasa ay mahalagang bahagi ng pagkatuto. Sa pamamagitan nito, natututo ang mga mag-aaral ng mga bagong kaalaman na makatutulong sa kanilang pag-unlad sa paaralan. Hindi lang ito basta pagkilala sa mga salita kung hindi isang paraan para maunawaan ang mga ideya, makilala ang kultura ng iba, at matuto mula sa kanilang mga karanasan. Sa simpleng pagbabasa, lumalawak ang ating pananaw at mas nagiging bukas ang ating isipan sa mundong ating ginagalawan.

Ayon kay Borah (2024), ang pagbasa ay hindi lamang simpleng pagtanggap ng mga impormasyon. Ito ay dapat isinasagawa nang may pag-unawa upang magbunga ng wastong kaalaman na makatutulong sa pagdedesisyon natin sa pang-araw-araw na buhay. Nadedebelop din nito ang kakayahan nating makapag-isip nang mas malalim, at nasusuri ang mga nangyayari sa ating paligid. Dagdag pa nito, ang pagbasa nang walang pag-unawa ay walang

saysay o walang kabuluhan at nauuwi lamang sa pagsasayang ng oras. Kaya't mahalaga na sa bawat pagbasa, naiintindihan natin ang nilalaman para ito'y maging kapaki-pakinabang.

Batay sa International Reading Association (2019) na binanggit sa pag-aaral ni Pumahing (2023), ang pagbasa ay pagkuha ng kahulugan sa mga nakasulat na titik o simbolo na nangangailangan ng sumusunod: paglinang at pananatili ng kawilihan sa pagbasa; paggamit ng estratehiya upang makuha ang kahulugan ng teksto; sapat na kaalaman o dati nang kaalaman at bokabularyo na tutulong sa pag-unawa sa teksto; kakayahan sa matatas na pagbasa; istilong gagamitin upang maunawaan ang salitang di-pamilyar; at ang kakayahang umunawa sa mga nakatalang salita batay sa tunog o pagbigkas nito.

Naglahad si Jeska (2022) ng pitong kahalagahan ng pagbasa sa buhay ng tao. Una, ito ay nagbibigay ng karagdagang kaalaman o impormasyon. Pangalawa, napapalawak nito ang bokabularyo o talasalitaan ng isang tao. Pangatlo, sa pamamagitan ng pagbasa, nagkakaroon ng pagkakataong makapaglakbay ang tao sa mga lugar na hindi pa niya nararating. Pang-apat, nahuhubog nito ang kaisipan at paninindigan ng mambabasa. Panglima, nakatutulong ito sa pagkuha ng mahahalagang impormasyong may kaugnayan sa kasalukuyang isyu sa lipunan. Pang-anim, nakapagpapagaan ito ng damdamin, at pangpito, nakapagbibigay ito ng inspirasyon sa buhay.

Sa kabila ng mga nabanggit na kahalagahan ng pagbabasa, may mga ulat pa rin sa Pilipinas na mababa ang kalidad ng mga mag-aaral ayon sa iba't ibang pagsusuri (Senate of the Philippines, 2023) ito'y dulot ng mahinang pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral (DepEd Memorandum No. 173, s. 2019). Sa isang pag-aaral ng World Bank (2022), nakararanas ang Pilipinas ng learning poverty, kung saan humigit-kumulang 91% ng mga sampung taong gulang na mag-aaral ay nahihirapang intindihin ang tekstong naaangkop sa kanilang edad. Sa katunayan, sa resulta ng Program for International Student Assessment (PISA, 2018; 2022), ang bansa ay pumapangalawa sa pinakamababang marka sa reading comprehension (OECD, 2023).

Kaugnay nito, nagsagawa ang mga guro ng Diadi National High School ng pangkatang pagtatasa sa klase o group screening test gamit ang Philippine Informal Reading Inventory o Phil-IRI (Filipino) sa 386 mag-aaral na nasa ikapitong baitang sa taong panuruan 2025-2026. Ang pagtatasang ito ay kinapapalooban ng mga katanungang literal, paghihinuha at kritikal na may kabuuang 40 item. Inaasahan na ang mga mag-aaral ay makakuha ng 28 puntos upang masabing sila ay nakababasa nang may pang-unawa. Ngunit 232 sa mga mag-aaral ay nakakuha ng 0-15 na puntos samantalang 154 naman ang nakakuha ng 16-27 puntos. Nangangahulugang ang lahat ng mag-aaral ay nangangailangang sumailalim sa indibidwal na pagbasa at pagtatasa upang masuri nang mas malalim ang kanilang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa.

Kasunod nito, isinagawa rin ang indibidwal na pagtatasa kung saan ang mga nakakuha ng 0-15 puntos ay pinabasa ng tekstong pang-grade 4 samantalang ang mga nakakuha ng 16-27 puntos ay pinabasa ng pang-grade 5 na teksto. Lumabas sa resulta na sa 154 mag-aaral na bumasa ng tekstong pang-grade 5, 29 ang nasa frustration level, 49 ang instructional, at 76 ang independent. Samantala, sa 232 mag-aaral na pinabasa ng tekstong pang Grade 4, 144 dito ay nasa frustration lebel, 61 ang instructional, at 27 ang independent. Nangangahulugang nangangailangan ang mga mag-aaral ng interbensyon at estratehiyang lilinang sa kanilang kakayahang umunawa sa binabasa.

Ang mga mag-aaral na kabilang sa Grade 7 ng Diadi National High School ay nasa yugto ng paglipat mula sa pundamental patungo sa mas akademikong antas ng pagbasa. Inaasahang sa yugtong ito ay kaya na nilang umunawa ng mga tekstong panitikan at impormatibo na may mas malalalim na ideya at mas masalimuot na bokabularyo. Gayunpaman,

batay sa resulta ng PhilIRI at mga paunang obserbasyon sa silid-aralan at sa resulta ng mga gawaing pampagkatuto, kapansin-pansing maraming mag-aaral ang nakararanas ng kahinaan sa pag-unawa ng binabasang teksto, lalo na kapag ito ay naglalaman ng mga salitang di-pamilyar, teknikal, o akademiko.

Lumabas sa pananaliksik nina Gumapac et al. (2025) na ang kakulangan sa bokabularyo ay isa sa pangunahing salik na nakaaapekto sa komprehensyon ng pagbasa ng mga mag-aaral. Natuklasan sa kanilang pag-aaral na maraming mag-aaral ang nagbabasa ngunit hindi ganap na nauunawaan ang kanilang binabasa dahil sa limitadong kaalaman sa kahulugan ng mga salita at kakulangan sa estratehiya sa pag-unawa.

Ipinakikita rin sa iba't ibang pag-aaral na ang paggamit ng biswal na estratehiya sa pagtuturo ay may malaking ambag sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon sa pananaliksik nina Bobek at Tversky (2016), napatunayang mas mataas ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral kapag sila ay lumilikha at gumagamit ng mga biswal na representasyon tulad ng diagram at larawan kumpara sa pagbibigay ng paliwanag sa paraang berbal lamang. Ipinakita sa kanilang pag-aaral na ang visual explanations ay nakatutulong sa mas malinaw na pag-aanalisa ng ugnayan ng mga ideya at sa mas malalim na pagproseso ng impormasyon.

Sinusuportahan din ito ng pagsusuri nina Guo et al. (2020) sa epekto ng mga visual display sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa K-12. Lumalabas sa resulta ng kanilang pag-aaral na ang paggamit ng biswal na materyales, lalo na yaong binubuo o kinukumpleto mismo ng mga mag-aaral, ay epektibo sa pagpapayabong ng mas mataas na antas ng pag-iisip gaya ng pagsusuri at aplikasyon ng kaalaman.

Kaugnay nito, ang paggamit ng PowerPoint presentation at mga estratehiyang may kaugnayan sa visual learning sa pag-aaral na ito ay sinusuportahan ng mga pag-aaral na nagpapakitang ang biswal na presentasyon ng impormasyon ay nakababawas sa kahirapan sa pag-unawa at nakapagpapataas ng antas ng komprehensyon sa pagbasa. Ang integrasyong ito ay nagsisilbing matibay na batayan sa pagpapatupad ng mga bokabularyong estratehiya bilang interbensiyon upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Dulot ng mababang resulta ng Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) at Comprehensive Rapid Literacy Assessment (CRLA) sa buong Pilipinas inilunsad ng Kagawaran ng Edukasyon ang Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program isang interbensiyong idinisenyo upang matulungan ang mga mag-aaral na makabawi sa kanilang pagkatuto, lalo na sa larangan ng pagbasa at komprehensyon. Layunin ng programang ito na palalimin ang kaalaman ng mga mag-aaral sa bokabularyo, linangin ang kanilang kasanayan sa pagsusuri ng teksto, at bigyang-diin ang pag-unawa bilang sentro ng pagbabasa.

Tumutugon ang kasalukuyang pag-aaral sa National Research Agenda for Teacher Education sa ilalim ng paghahanay ng kurikulum at pamantayan ng guro kung saan ipinapakita ang pangangailangan ng mga guro na magkaroon ng sapat na kaalaman sa mga estratehiya sa pagbasa, kabilang na rin ang pagpapalawak ng bokabularyo. Binibigyang-diin din ang kahalagahan ng pagkakahanay ng mga estratehiya sa kurikulum, mga gawain sa pagkatuto, at pagtataya, na siyang mahalagang aspeto sa pagpapahusay ng komprehensyon sa pagbasa. Sa pamamagitan ng bokabularyong estratehiya bilang interbensyon sa pagbasa, maisusulong nito ang paggamit ng mga lokal na konsepto, karanasan, at panitikan upang mapabuti ang kasanayan sa komprehensyon ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan hindi lamang matutulungan ang mga mag-aaral na makilahok nang aktibo sa ating lipunan mapagtitibay pa nito ang pagpapahalaga sa kanilang sariling kultura.

Ang pag-aaral na ito ay malinaw na nakaangkla sa Sustainable Development Goals (SDG) 4, na naglalayong matiyak ang inklusibo, pantay, at de-kalidad na edukasyon at itaguyod ang panghabambuhay na pagkatuto para sa lahat. Ang kakayahan sa pagbasa at komprehensyon ay pundamental sa pagkamit ng de-kalidad na edukasyon, sapagkat ito ang nagsisilbing batayan ng pagkatuto sa iba't ibang asignatura.

Sa pamamagitan ng paggamit ng bokabularyong estratehiya, tinutugunan ng pag-aaral ang mababang antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade 7. Ang sistematikong pagtuturo ng bokabularyo ay nakatutulong sa mas malinaw na pag-unawa ng teksto, pagpapalawak ng kaalaman, at paghubog ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Sa gayon, ang pananaliksik ay nag-aambag sa pagpapabuti ng kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Filipino.

Kaugnay rin nito ang Sustainable Development Goals (SDG) 10, na nakatuon sa pagbawas ng hindi pagkakapantay-pantay sa loob at pagitan ng mga pangkat sa lipunan. Sa konteksto ng edukasyon, ang hindi pagkakapantay-pantay ay madalas na makikita sa agwat ng kakayahan sa pagbasa at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa mga mag-aaral na may mababang antas ng komprehensyon sa pagbasa, partikular yaong kabilang sa frustration level batay sa resulta ng Phil-IRI. Sa pamamagitan ng visual at estratehikong bokabularyong interbensiyon, binibigyan ng pantay na oportunidad ang mga mag-aaral na mapahusay ang kanilang kakayahan sa pagbasa anuman ang kanilang panimulang antas. Dahil dito, nakatutulong ang pag-aaral sa pagbawas ng agwat sa pagkatuto at sa pagtataguyod ng mas inklusibong edukasyon.

Nakaangkla rin ito sa Teaching and Learning na tema ng DepEd Basic Education Research Agenda (DepEd Order No. 39, s. 2016) na naglalayong tuklasin ang mga makabago at epektibong pamamaraan sa pagtuturo at pagkatuto. Gayundin sa layunin ng Kagawaran ng Edukasyon na itaguyod ang literasi sa lahat ng antas ng edukasyon, gaya ng nakalahad sa DepEd Memorandum No. 173, s. 2019 – Hamon: Bawat Bata Bumabasa (3Bs Initiative). Sa memorandum na ito, binigyang-diin ang kahalagahan ng pagtutok sa kakayahan ng bawat mag-aaral na bumasa ayon sa kanilang antas at masigurong naiintindihan nila ang kanilang binabasa. Layunin nitong solusyunan ang lumalalang problema sa pagbasa sa mga pampublikong paaralan. Maging sa panawagan ng Kagawaran ng Edukasyon na magsagawa ng lokal na interbensyon upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa.

Kaugnay nito, ang Bokabularyong Estratehiya ay napiling interbensyon sa pag-aaral na ito sapagkat napatunayan ng iba't ibang pananaliksik na epektibo ito sa pagpapahusay ng komprehensyon sa pagbasa. Ayon sa pag-aaral ni Montante (2025), ang sistematikong pagtuturo ng bokabularyo gamit ang malinaw at eksplisit na estratehiya ay nagresulta sa makabuluhang pagtaas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa ng teksto.

Mula sa mga siniping pag-aaral at mga pahayag, nahikayat ang mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral na may pamagat Bokabularyong Estratehiya at Komprehensiyon sa Pagbasa para sa Grade 7. Nilalayan nitong matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral na mapalalim ang pag-unawa sa tekstong binabasa kung kaya't ito'y nakatuon sa interbensyon na makatutulong sa paglinang ng kanilang kakayahan sa komprehensyon.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa bokabularyong estratehiya at komprehensyon sa pagbasa para sa Grade 7. Ito ay naglalayong matukoy ang kabisaan ng paggamit ng estratehiyang bokabularyo sa pag-unawa ng teksto.

Ang pananaliksik na ito ay nais na tugunan ang mga sumusunod:

1. Ano ang antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga respondyente bago isagawa ang interbensyon?
2. Ano ang antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga respondyente pagkatapos isagawa ang interbensyon?

3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng komprehensyon ng mga respondyente bago at pagkatapos isagawa ang interbensiyon?
4. Ano ang mga hamon na naranasan ng mga respondyente sa pagsasagawa ng interbensiyon?

METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng pinagsamang kwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan ng pananaliksik. Ginamit ang kwantitatibo upang masuri ang mga numerikal na datos gaya ng resulta ng kabuuang pre-test at post-test. Ang mga datos na kwantitatibo ay anumang nasa anyong numerikal gaya ng istatistika, bahagdan o porsyento (Sambrano, 2021). Ginamit ang kwalitatibong pamamaraan upang matukoy ang mga hamong kinaharap ng mga mag-aaral sa proseso ng implementasyon ng bokabularyong estratehiya. Sa pamamagitan ng kwalitatibong datos, natukoy ang mga karanasan, saloobin, at obserbasyon ng mga kalahok kaugnay ng paggamit ng estratehiya, pati na rin ang mga hadlang na maaaring nakaapekto sa kanilang pagkatuto, partisipasyon, o pag-unawa sa mga gawain. Ginamit din ang paghahambing para maipakita ang makabuluhang pagkakaiba ng pre-test at post-test.

Ang disenyo namang ginamit sa pag-aaral na ito ay ang One-Group Pre-test - Post-test Design. Ayon sa APA (2018), ang One-Group Pre-test–Post-test Design ay isang uri ng quasi-experimental na disenyo kung saan isang grupo lamang ng mga respondyente ang isinasailalim sa pre-test, interbensiyon, at post-test upang matukoy ang epekto ng isinagawang interbensiyon sa isang tiyak na baryabol.

Ang kwalitatibong datos sa pag-aaral na ito ay nakolekta sa pamamagitan ng pagsagot ng mga respondyente sa open-ended questions. Matapos ipatupad ang bawat estratehiya bilang interbensiyon, ang mga mag-aaral ay hinilingang sumulat sa journal strip ng kanilang mga sagot sa bukás na tanong na nakatuon sa mga hamon o suliraning kanilang naranasan sa pag-unawa sa binasang teksto gamit ang isinagawang estratehiya.

Ang paggamit ng open-ended questions ay nagbigay-daan sa mga mag-aaral na malayang maipahayag ang kanilang mga karanasan, saloobin, at pananaw nang hindi nililimitahan sa iisang sagot lamang. Ang kanilang mga pahayag ay naglalaman ng mga detalye hinggil sa mga bahaging nahirapan silang unawain, mga salitang hindi pamilyar sa kanila, at iba pang salik na naging hadlang sa kanilang komprehensyon sa pagbasa.

Isinagawa ang pagsulat ng mga sagot pagkatapos ng bawat estratehiya upang matiyak na sariwa pa sa isipan ng mga respondyente ang kanilang karanasan, kaya't naging tapat at makabuluhan ang kanilang mga sagot. Ang pamamaraang ito ay ginamit upang makalap ang mga impormasyong hindi ganap na nasusukat ng mga pagsusulit, at upang higit na maunawaan ang epekto estratehiya.

Pagkatapos makolekta ang mga sagot, ang mga ito ay isinailalim sa tematikong pagsusuri sa pamamagitan ng pagbasa, pag-uuri ng magkakatulad na pahayag, at pagtukoy ng mga umuusbong na tema tungkol sa mga hamong naranasan ng mga respondyente. Ang mga temang ito ay ginamit bilang pantulong na batayan sa interpretasyon sa resulta ng pag-aaral.

Gumamit din ang mananaliksik ng powerpoint presentation at iba pang kagamitang panturo para sa pagsasagawa ng bokabularyong estratehiya tulad ng: 4 pics 1 word, kasingkahulugan, denotasyon at konotasyon, mapa ng konsepto, pahiwatig sa konteksto, pahiwatig mula sa bahagi ng salita.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Diadi National High School, taong panuruan 2025-2026, isang pampublikong paaralan sa Rehiyon 2, Lambak ng Cagayan na matatagpuan sa Poblacion, Diadi, Nueva Vizcaya. Ang mga nagsilbing respondyente upang maisakatuparan ang pag-aaral ay ang siyamnapu't anim (96) na mag-aaral sa regular na seksyon sa ikapitong baitang na nakakuha ng frustration lebel sa komprehensyon mula sa resulta ng indibidwal na

pagtatasa ng Phil-IRI sa Filipino. Ang mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Diadi National High School ay may kabuuang 386 batay sa opisyal na tala ng Learner Information System (LIS) ng paaralan. Mula sa bilang na ito, ginamit ang purposive sampling upang matukoy ang mga posibleng respondyente ng pag-aaral. Naging batayan sa pagpili ng mga respondyente ng pag-aaral ang (1)ang mag-aaral ay kasalukuyang nasa Ikapitong Baitang ng Diadi National High School, (2)ang mag-aaral ay nakakuha ng mababang marka sa komprehensyon sa pagbasa batay sa resulta ng Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI), (3)ang mag-aaral ay kabilang sa frustration level sa pagbasa, na may iskor na 0–15 sa isinagawang pangkatang pagtatasa, (4)ang mag-aaral ay sumailalim sa indibidwal na pagtatasa sa Phil-IRI at nakapagtala ng pinakamababang antas ng komprehensyon sa pagbasa, at (5)ang mag-aaral ay kabilang sa regular na seksyon na saklaw ng pag-aaral.

Batay sa isinagawang pangkatang pagtatasa gamit ang Phil-IRI, may 145 mag-aaral ang nakakuha ng iskor na 0–15, na indikasyon ng mababang antas ng pag-unawa sa binasa. Mula sa bilang na ito, ang 145 na mag-aaral ay sumailalim sa indibidwal na pagtatasa, at batay sa resulta, 96 sa kanila ang natukoy na may pinakamababang antas ng komprehensyon sa pagbasa, kaya sila ang napiling mga respondyente ng pag-aaral.

Upang matiyak ang representasyon ng bawat seksyon, ginamit ang stratified sampling, kung saan ang bawat seksyon ay itinuring bilang isang pangkat. Mula sa mga pangkat na ito, napili ang mga sumusunod na bilang ng mga respondyente: 20 mula sa Magalang, 23 mula sa Magiliw, 25 mula sa Matatag, at 30 mula sa Masunurin, na may kabuuang 96 na respondyente. Ang pamamaraang ito ay nagbigay ng katiyakan na ang bawat seksyon ay may sapat na representasyon upang maipakita ang pagkakaiba at pagkakatulad sa antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong matuklasan ang bisa ng bokabularyong estratehiya sa paglinang ng kasanayang pagbasa at komprehensyon ng mga mag-aaral kung kaya't ang mananaliksik ay gumamit ng mga sumusunod na instrumento: Pre-test, Post-test. Open-ended questions. Ang paglikom ng datos sa pag-aaral na ito ay isinagawa sa pamamagitan ng sistematikong proseso upang matiyak ang katumpakan, bisa, at etikal na pamantayan ng pananaliksik. Una, inihanda ng mananaliksik ang pre-test at post-test batay sa nilalaman ng araling bokabularyo at komprehensyon sa pagbasa, at sinundan ito ng Table of Specification (TOS) upang masiguro na ang mga aytem ay naaayon sa layunin ng pag-aaral at saklaw ng kurikulum. Kasabay nito, binuo rin ang mga instructional materials na gagamitin sa interbensyon tulad ng mga powerpoint presentation at iba pang kagamitan sa pagtuturo. Ikalawa, sinailalim ang instrumento sa balidasyon sa pamamagitan ng pagpapasuri sa tagapayo at mga panelist. Pagkatapos ay isinagawa ang reliability testing gamit ang pilot testing sa kahalintulad na pangkat upang matukoy ang konsistensi at pagiging maaasahan ng mga aytem ng pagsusulit. Ikatlo, sinunod ng mananaliksik ang itinakdang administration protocol sa pangangalap ng datos. Isinagawa muna ang pre-test bago ipatupad ang interbensiyon upang matukoy ang paunang antas ng kasanayan sa pagbasa at komprehensyon ng mga mag-aaral. Pagkatapos nito, isinagawa ang implementasyon ng mga piling bokabularyong estratehiya bilang interbensiyon sa loob ng itinakdang panahon. Ikaapat, isinaayos at iningatan ang lahat ng nakalap na datos sa pamamagitan ng maingat na data handling, kabilang ang pagtatala, pag-encode, at pag-analisa. Gumamit ng angkop na estadistikal na pamamaraan—tulad ng mean, percentage, at t-test—upang masukat ang pagkakaiba ng pre-test at post-test, at thematic analysis naman para sa kwalitatibong datos upang matukoy ang mga pattern ng karanasan at pananaw ng mga mag-aaral.

Mahigpit ding sinunod ang mga etikal na konsiderasyon tulad ng pagkuha ng pahintulot mula sa paaralan, dibisyon at pagbibigay ng informed consent sa mga kalahok, binigyang-diin

na boluntaryo ang paglahok, at pagsiguro ng pagiging kumpidensyal at proteksiyon ng anumang personal na impormasyon. Tininyak din na ang mga mag-aaral ay hindi nakaranas ng anumang panganib o diskriminasyon sa buong proseso. Sa kabuuan, ang mga hakbang na ito ay nagbigay ng katiyakan na ang datos ay tumpak, mapagkakatiwalaan, at etikal na nakuha.

Ang pag-aaral na ito ay ginamitann ng Mean at Standard Deviation, Frequency, Percentage, Dependent T-Test at Qualitative Data Analysis. Ang lahat ng komputasyon ay nakabatay sa 0.05 level of significance.

RESULTA AT TALAKAYAN

Suliranin 1. Ano ang antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral bago isagawa ang interbensyon?

Para sa pagtukoy sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa asignaturang Pagbasa bago ang isagawa interbensiyon, kinompyut ang mean. Ipinapakita ng talahanayan 1 ang resulta.

Talahanayan 1

Antas ng Komprehensyon ng mga Tagatugon Bago Isagawa ang Interbensiyon

Antas ng Komprehensyon	Range	Frequency	Percentage
Napakahusay	40-50	1	1.04
Mahusay	30-39	22	22.92
Katamtamang Husay	20-29	47	48.96
Mahina	10-19	25	26.04
Napakahina	0-9	1	1.04
Kabuuan		96	100

Makikita sa talahanayan 1 antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral bago isagawa ang interbensyon. Sa kabuuang 96 na mag-aaral, ang 47 o 48.96% ay nasa antas na Katamtamang Husay sa komprehensyon sa pagbasa. Sinundan ito ng 25 o 26.04% na nasa Mahina na antas, at 22 o 22.92% naman ang nasa Mahusay na antas. Samantala, tig-1 o 1.04% lamang ang nasa Napakahusay at Napakahina na antas ng komprehensyon. Ipinapakita ng datos na karamihan sa mga mag-aaral ay nasa gitnang antas ng pag-unawa sa kanilang binabasa bago ipatupad ang interbensyon.

Ipinahihiwatig ng resulta na bagama't may ilang mag-aaral na nagpapakita ng mahusay na kakayahan sa pag-unawa, malaking bahagi pa rin ng mga mag-aaral ang nasa katamtaman hanggang mababang antas ng komprehensyon. Ipinapakita rin ng mataas na bilang sa antas na katamtamang husay at mahina na may umiiral na kakulangan sa kasanayan sa pag-unawa sa binabasa. Nangangahulugan ito na may pangangailangan na paigtingin ang mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa upang higit na mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa komprehensyon.

Ang resulta ay sumusuporta sa mga pahayag ng ilang pag-aaral sa Kabanata 2 na nagsasabing ang kakulangan sa bokabularyo ay isa sa mga pangunahing dahilan ng mababang komprehensyon sa pagbasa. Ayon kina Guinto at Carada (2023) at Pimentel (2023), ang limitadong bokabularyo ay nagiging hadlang sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa binabasang teksto. Gayundin, ipinakita sa pag-aaral ni Agapito (2025) na kapag mas marami ang salitang hindi nauunawaan ng mga mag-aaral, mas bumababa ang kanilang antas ng komprehensyon. Dahil dito, pinatutunayan ng resulta ng paunang pagtatasa na may malinaw na pangangailangan para sa isang interbensyon na nakatuon sa pagpapalawak ng bokabularyo, tulad ng

bokabularyong estratehiya na gagamitin sa kasalukuyang pag-aaral upang mapahusay ang komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7.

Suliranin 2. Ano ang antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral pagkatapos isagawa ang interbensyon?

Sa pagtukoy sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa asignaturang Pagbasa pagkatapos isagawa interbensyon, kinompyut ang mean. Ipinapakita ng talahanayan 2 ang resulta.

Talahanayan 2
Antas ng Komprehensyon sa Pagbasa ng mga Mag-aaral Pagkatapos Isagawa ang Interbensyon

Antas ng Komprehensyon	Range	Frequency	Percentage
Napakahusay	40-50	41	42.71
Mahusay	30-39	41	42.71
Katamtamang Husay	20-29	13	13.54
Mahina	10-19	1	1.04
Napakahina	0-9	0	0
Kabuuan		96	100

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral matapos ang pagsasagawa ng interbensyon. Mula sa kabuuang 96 na respondente, 41 o 42.71% ang nakapagtamo ng napakahusay na antas ng komprehensyon at 41 o 42.71% naman ang nakapagtamo ng mahusay na antas. Samantala, 13 o 13.54% ang nasa katamtamang husay, 1 o 1.04% ang nasa mahina, at walang naitalang mag-aaral sa napakahina na antas. Ang datos na ito ay nagpapakita na ang malaking bahagi ng mga mag-aaral ay nakamit ang mataas na antas ng pag-unawa matapos ipatupad ang bokabularyong estratehiya bilang interbensyon.

Batay sa resulta, makikitang 85.42% ng mga mag-aaral ay kabilang sa napakahusay at mahusay na antas ng komprehensyon sa pagbasa. Ipinapakita nito na karamihan sa mga mag-aaral ay may mataas na kakayahang umunawa ng binabasang teksto pagkatapos ng interbensyon. Ang maliit na porsyento ng mga mag-aaral na nasa katamtamang husay (13.54%) at mahina (1.04%) ay nagpapahiwatig na iilan na lamang ang nangangailangan ng mas masusing paggabay sa pag-unawa sa teksto. Ang kawalan naman ng mag-aaral sa napakahina na antas ay nagpapakita na ang interbensyon ay nakatulong upang maiwasan ang lubhang mababang antas ng komprehensyon sa pagbasa.

Ang resulta ng pag-aaral ay sumusuporta sa mga naunang pag-aaral na nagsasabing mahalaga ang bokabularyo sa paglinang ng komprehensyon sa pagbasa. Ayon kina Guinto at Carada (2023), ang kakulangan sa bokabularyo ay isa sa mga pangunahing hadlang sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa binabasang teksto. Kapag limitado ang talasalitaan ng mag-aaral, nagiging mahirap para sa kanila na maunawaan ang kahulugan ng mga salita at ideyang nakapaloob sa teksto.

Suliranin 3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng komprehensyon ng mga respondyente bago at pagkatapos isagawa ang interbensyon?

Sa pagtukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa performans ng mga respondyente sa asignaturang Pagbasa bago at pagkatapos isagawa ang interbensyon, ang mean differences ay kinompyut gamit ang dependent t-test. Ipinapakita ng talahanayan 3 ang resulta.

Talahanayan 3
Pagkakaiba sa Antas ng Komprehensyon ng mga Mag-aaral Bago at Pagkatapos Isagawa ang Interbensyon

Test	Mean	SD	Mean Difference	t	df	p-value	Interpretation
Pretest	23.50	7.01	-13.50	15.64	95	<0.001	Significant
Posttest	37.00	7.38					

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang pagkakaiba sa antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos isagawa ang bokabularyong estratehiya bilang interbensyon. Makikita sa talahanayan na ang mean score ng pretest ay 23.50 (SD = 7.01) habang ang mean score ng posttest ay 37.00 (SD = 7.38). Ipinapakita rin na ang mean difference ay -13.50 na may t-value na 15.64 at df = 95. Ang p-value na <0.001 ay nagpapahiwatig na may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon. Dahil ang p-value ay mas mababa sa itinakdang antas ng kabuluhan na 0.05, nangangahulugan ito na tinatanggi ang null hypothesis at ipinapakita na ang interbensyon ay may makabuluhang epekto sa pagpapahusay ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Batay sa datos sa talahanayan, malinaw na tumaas ang mean score ng mga mag-aaral mula 23.50 sa pretest patungong 37.00 sa posttest, na nagpapakita ng pagtaas na -13.50 puntos matapos ang implementasyon ng bokabularyong estratehiya. Ang malaking t-value na 15.64 at ang napakababang p-value (<0.001) ay nagpapahiwatig na ang pagtaas na ito ay hindi lamang bunga ng pagkakataon kundi isang makabuluhang pagbabago sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na nagkaroon ng positibong epekto ang interbensyon sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa binabasang teksto.

Ang pagtaas ng mean score ay nagpapakita rin na ang mga mag-aaral ay nagkaroon ng mas mataas na kakayahan sa pag-unawa sa nilalaman ng teksto matapos silang malantad sa mga estratehiya sa pagpapalawak ng bokabularyo. Ipinapakita rin ng halos magkatulad na standard deviation sa pretest at posttest na bagama't may pagtaas sa marka, nananatiling may kaunting pagkakaiba sa kakayahan ng bawat mag-aaral, na isang normal na katangian sa mga pag-aaral sa edukasyon.

Ang resulta ng pag-aaral ay sumusuporta sa mga kaugnay na literatura na nagsasabing ang bokabularyo ay may mahalagang papel sa pag-unawa sa binabasang teksto. Ayon kina Guinto at Carada (2023), ang kakulangan sa bokabularyo ay nagiging pangunahing hadlang sa komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral. Kapag nahihirapan ang mga mag-aaral na maunawaan ang kahulugan ng mga salita sa teksto, nagiging limitado rin ang kanilang kakayahang maunawaan ang kabuuang mensahe ng binabasa.

Suliranin 4. Ano ang mga hamon na naranasan ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng interbensyon?

Batay sa isinagawang panayam at obserbasyon sa mga mag-aaral, natukoy ang ilang hamon na kanilang naranasan habang isinasagawa ang mga gawain sa interbensyon. Ang mga hamong ito ay inuri ayon sa mga estratehiyang ginamit sa pagpapalawak ng bokabularyo at pagpapahusay ng komprehensyon sa pagbasa. Ang mga temang ito ay sinuri at iniugnay sa mga kaugnay na literatura at pag-aaral upang mapalalim ang interpretasyon ng mga natuklasan, ang

mga hamon na naranasan ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng interbensyon ay ang mga sumusunod:

Tema 1: Kahirapan sa Pag-unawa (Comprehension Difficulty)

Isa sa mga pangunahing temang lumitaw ay ang kahirapan sa pag-unawa. Ipinapakita nito na nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagproseso ng impormasyon, lalo na sa pagbibigay-kahulugan sa mga larawan at salita. Kapag kulang ang kanilang kasanayan sa paggamit ng konteksto at analisis ay kinakailangan ang paggamit ng mas malinaw na instruksyon, visual aids, at step-by-step na paggabay upang mapalakas ang comprehension skills ng mga mag-aaral.

Ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay umaayon sa pananaliksik nina Alahmadi at Foltz (2020), na nagsasabing ang bokabularyo ay mahalagang salik sa pagkatuto ng wika at madalas na itinuturing ng mga mag-aaral bilang pinakamahirap na bahagi ng pagkatuto. Ipinakita rin sa kanilang pag-aaral na ang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ay may direktang ugnayan sa paglinang ng talasalitaan.

Tema 2: Kakulangan sa Talasalitaan (Limited Vocabulary)

Lumabas din bilang mahalagang tema ang kakulangan sa talasalitaan. Lumabas sa mga pahayag ang hindi pagiging pamilyar sa mga salita, pagbanggit ng malalalim na salita at hirap sa pag-alala ng kahulugan. Ipinapakita nito na limitado ang bokabularyo ng mga mag-aaral, na nagiging hadlang sa pag-unawa at paggamit ng wika sa iba't ibang gawain. Dapat magpatupad ng mga estratehiya tulad ng vocabulary enrichment activities, contextualized learning, at paulit-ulit na exposure sa mga bagong salita.

Ang mga natuklasan sa temang kakulangan sa talasalitaan ay sinusuportahan ng iba't ibang makabagong pag-aaral. Ayon kay Nation (2024), ang bokabularyo ay pundamental sa pag-unawa sa teksto at sa epektibong paggamit ng wika. Ipinakita sa kanyang pag-aaral na ang limitadong talasalitaan ay nagiging pangunahing hadlang sa comprehension, lalo na sa mga mag-aaral na nahaharap sa akademikong teksto na naglalaman ng malalalim at di-pamilyar na salita. Kaugnay nito, binigyang-diin na ang paulit-ulit na exposure at kontekstuwalisadong pagkatuto ay mahalaga sa pagpapalawak ng bokabularyo.

Tema 3: Kahirapan sa Pagpapahayag (Difficulty in Expression)

Ipinahayag ng mga respondyente ang hirap sa pagpapaliwanag ng kahulugan at sa pagbuo ng pangungusap. Bagamat may paunang pag-unawa, nahihirapan silang maisalin ito sa malinaw na pahayag. Ipinapakita nito ang kakulangan sa kasanayang produktibo (productive skills). Kinakailangan ang mas maraming gawain sa pagsulat at pagsasalita tulad ng guided sentence construction, modeling, at scaffolding upang malinang ang kanilang kakayahan sa pagpapahayag.

Ang mga natuklasan sa temang kahirapan sa pagpapahayag ay sinusuportahan ng iba't ibang makabagong pag-aaral hinggil sa ugnayan ng bokabularyo at kasanayang produktibo. Ayon kina Nation at Webb (2025), ang kakayahang gamitin ang mga salita sa pagbuo ng sariling pangungusap ay isang mahalagang indikasyon ng malalim na pagkatuto ng bokabularyo. Gayunpaman, ito rin ang isa sa pinakamahirap na yugto ng pagkatuto dahil nangangailangan ito ng aktibong paggamit ng wika, hindi lamang pag-unawa. Ipinapakita nito

na ang kahirapan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng pangungusap at pagpapaliwanag ay inaasahang hamon sa paglinang ng productive skills.

Tema 4: Kakulangan sa Gabay o Suporta (Lack of Instructional Support)

Binanggit ng mga respondyente na nahihirapan sila kapag walang gabay na tanong, halimbawa, o clue. Ipinapakita nito na umaasa ang mga mag-aaral sa istrukturang gabay upang maunawaan ang gawain. Kapag wala nito, bumababa ang kanilang kakayahang makapag-isip nang tama. Mahalaga ang scaffolding sa pagtuturo—pagbibigay ng halimbawa, gabay na tanong, at unti-unting pag-aalis ng suporta habang natututo ang mag-aaral.

Ang mga natuklasan sa temang kakulangan sa gabay o suporta ay sinusupportahan ng teorya at mga makabagong pag-aaral hinggil sa scaffolding at instructional support sa pagkatuto. Ayon kay Vygotsky (2024), ang pagkatuto ay mas epektibo kapag may scaffolding mula sa guro o mas may kaalamang tagapamagitan, kung saan ang mga mag-aaral ay binibigyan ng gabay, halimbawa, at patnubay upang makabuo ng tamang sagot. Kapag inalis ang ganitong suporta nang walang kahandaan ang mag-aaral, bumababa ang kanilang kakayahang makapag-isip at makapagpahayag nang tama.

Tema 5: Kawalan ng Kumpiyansa sa Sarili (Low Confidence)

May respondyenteng nagsabing nahiiya siyang sumagot at hindi siya sigurado sa kanyang sagot kaya nanghuhula na lamang. Ipinapakita nito na may epekto ang emosyonal na aspeto sa pagkatuto. Ang kakulangan sa kumpiyansa ay nagiging hadlang sa aktibong partisipasyon. Dapat lumikha ang guro ng ligtas at suportibong kapaligiran sa klase kung saan hinihikayat ang mag-aaral na sumagot nang walang takot sa pagkakamali.

Sa temang kawalan ng kumpiyansa sa sarili, lumitaw sa mga pahayag ng mga respondyente ang pag-aalinlangan sa sariling kakayahan at takot sa pagsagot.

Pinagtibay ito nina MacIntyre et al. (2024), na nagsabing ang emotional factors tulad ng anxiety at self-doubt ay maaaring magdulot ng “communication avoidance behavior,” kung saan ang mag-aaral ay mas pinipiling hindi sumagot o manghula na lamang kaysa magbigay ng tiyak na sagot. Ito ay umaayon sa natuklasan sa pag-aaral kung saan ang ilang respondyente ay nagsabing “nakakahiya mag-answer” at “hinulaan ko na lang yung sagot.”

Tema 6: Limitasyon sa Oras (Time Constraint)

Nabanggit ng isang respondyente na kulang ang oras sa pagsagot ng gawain. Ipinapakita nito na ang pressure sa oras ay nakaaapekto sa pag-iisip at kalidad ng sagot ng mag-aaral. Dapat isaalang-alang ang sapat na oras sa bawat gawain at iayon ito sa antas ng kahirapan upang mabigyan ng pagkakataon ang mag-aaral na makapag-isip nang maayos. Sa kabuuan, ipinapakita ng mga pahayag na ang limitadong oras ay nakaaapekto sa kalidad ng pag-iisip at pagbuo ng sagot ng mga mag-aaral, na nagreresulta sa pagmamadali, pagkalito, at minsan ay paghula na lamang sa tamang sagot.

Ang limitasyon sa oras ay isa sa mga salik na may malaking epekto sa cognitive performance at kalidad ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon kina Sweller, Ayres, at Kalyuga (2024), batay sa Cognitive Load Theory, ang kakulangan sa oras ay nagdudulot ng mas mataas na cognitive load, na nagreresulta sa mababaw na pagproseso ng impormasyon at hindi ganap na pag-unawa. Kapag ang mag-aaral ay napipilitang magmadali, nababawasan ang kakayahan nitong mag-analyze at mag-isip nang mas malalim.

KONKLUSYON

Ang pag-aaral na ito ay naglatag ng malinaw na ebidensya hinggil sa mahalagang papel ng bokabularyong estratehiya sa pagpapabuti ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral. Batay sa mga natuklasan, ipinakita na bago ang implementasyon ng interbensyon, ang antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral ay nasa katamtaman hanggang mababang lebel, na nagpapahiwatig ng kakulangan sa sapat at sistematikong pamamaraan sa pagtuturo ng pagbasa. Ang kalagayang ito ay sumasalamin sa pangangailangan ng mas organisado at estratehikong paglinang ng bokabularyo bilang pundasyon ng mas malalim na pag-unawa sa teksto. Sa kabilang banda, matapos ang implementasyon ng bokabularyong estratehiya, kapansin pansin ang pagtaas ng antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral, kung saan ang karamihan ay nakapagtamo na ng mahusay at napakahusay na antas. Ang pagbabagong ito ay higit pang pinagtibay ng resulta na may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng komprehensyon bago at pagkatapos ng interbensyon, na malinaw na nagpapatunay sa bisa ng bokabularyong estratehiya bilang isang epektibong lapit sa pagpapahusay ng pag-unawa sa binabasang teksto.

Higit pa rito, natukoy rin sa pag-aaral na ang mga hamong kinaharap ng mga mag-aaral ay hindi lamang nakapokus sa kognitibong aspeto kundi umaabot din sa emosyonal at istruktural na dimensyon ng pagkatuto. Kabilang dito ang kakulangan sa bokabularyo, kahirapan sa pagpapahayag, kawalan ng kumpiyansa, kakulangan sa gabay, at limitasyon sa oras, na pawang may impluwensya sa kanilang kakayahang maunawaan ang teksto. Ang mga salik na ito ay nagpapakita na ang paglinang ng komprehensyon sa pagbasa ay isang masalimuot na proseso na nangangailangan ng holistikong pagtugon mula sa iba ibang sektor ng edukasyon.

Kaugnay nito, ang mga rekomendasyon ng pag-aaral ay nakatuon sa pagpapalakas ng kolaboratibong papel ng mga mag-aaral, guro, paaralan, at mga tagapangasiwa sa pagsusulong ng literacy development. Inirerekomenda na patuloy na palawakin ng mga mag-aaral ang kanilang bokabularyo sa pamamagitan ng regular na pagbabasa at aktibong paggamit ng mga estratehiyang tulad ng context clues, kasingkahulugan, at konseptong mapa upang mapalalim ang kanilang pag-unawa. Para naman sa mga guro, mahalagang ipagpatuloy at higit pang palawakin ang paggamit ng bokabularyong estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa, kasabay ng pagbibigay ng sapat na scaffolding tulad ng mga halimbawa, gabay na tanong, at structured activities upang masuportahan ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa antas ng paaralan, kinakailangan ang mas matibay na suporta sa mga programang nakatuon sa literacy development gaya ng reading intervention programs, remediation classes, at enrichment activities upang matugunan ang iba ibang pangangailangan ng mga mag-aaral. Gayundin, mahalaga ang patuloy na pagpapatibay ng mga polisiya at programang sumusuporta sa MATATAG Curriculum, partikular sa larangan ng pagbasa at literacy enhancement, upang matiyak ang sustenableng pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa.

Sa kabuuan, pinatutunayan ng pag-aaral na ang bokabularyong estratehiya ay isang makabuluhang interbensyon na may kakayahang mapataas ang antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral kung ito ay maipatutupad nang sistematiko at may sapat na suporta mula sa iba ibang antas ng edukasyon. Samakatuwid, inirerekomenda rin na ang mga susunod na mananaliksik ay magsagawa ng mas malawak na pag-aaral gamit ang mas malaking bilang ng kalahok o multi grade level upang higit na masuri ang pangmatagalang epekto ng ganitong estratehiya at mapalawak ang saklaw ng kaalaman hinggil sa epektibong pagtuturo ng pagbasa.

TALASANGGUNIAN

Agapito, O. G. (2025). Vocabulary Level and Reading Comprehension: A Study of Grade 6 Learners in Cluster 3 of Tumauni South District. Lapogan Integrated School, Tumauni, Isabela, Philippines. <https://doi.org/10.5281/zenodo.15195048>

American Psychological Association. (2018). APA dictionary of psychology. Washington, DC: APA

Bobek, E., & Tversky, B. (2016). Creating visual explanations improves learning. *Cognitive Research: Principles and Implications*, 1(27), 1–14. <https://doi.org/10.1186/s41235-016-0031-6>

Borah, S. A., Guadalquiver, K. D., Layam, H. V., Mendoza, A. M. C., & Antesing, J. J. B. (2024). Mabubuting gawi sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Junior High School. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)*, 8(3), 76–82. <https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2024/03/H248037682.pdf>

Guinto, L. E., & Carada, I. G. (2023). Enriched vocabulary-video lessons of literary works and vocabulary expansion. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR)*, 9(8). <https://eprajournals.com/IJMR/article/11145>

Gumapac, Z. D., Quiño, M. B., Hubac, C. J. C., & Varona, F. A. (2025). Pagsusuri sa mga salik na nakaaapekto sa komprehensyon ng mga mag-aaral sa Filipino 7. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research*, 9(5), 88–99.

Guo, D., McTigue, E. M., Matthews, S. D., & Zimmer, W. (2020). The impact of visual displays on learning across the disciplines: A systematic review. *Educational Psychology Review*, 32, 69–97. <https://doi.org/10.1007/s10648-020-09523-3>

Jeska. (2022). Kahulugan at kahalagahan ng pagbasa. *Aralin Philippines*. Retrieved October 25, 2025, from <https://aralinph.com/author/jeska/page/22/>

Mercadal, T. (2021). Visual learning. In *Education Research Starters*. EBSCO Information Services. <https://www.ebsco.com/research-starters/education/visual-learning>

Montante, J. T. (2025). Building bridges to understanding: Evaluating the efficacy of explicit vocabulary strategies in improving the performance of senior high school students. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, 39(6).

Pimentel, G. S. (2023). Reading comprehension skills in Filipino of the second-year students. University of Science and Technology of Southern Philippines, Lapasan, Cagayan de Oro City. <http://sci-int.com/pdf/>

Pimentel, R. (2023). Vocabulary proficiency and reading comprehension difficulties among Filipino learners. *Philippine Journal of Education*, 99(1), 15–27.

Pumahing, J. T. (2024). Kasanayang Pagbasa sa Filipino ng mga Mag-aaral. DepEd – Benguet, CAR, Philippines. <https://doi.org/10.5281/zenodo.12634530>

Vygotsky, L. S. (1978). Mind in society: The development of higher psychological processes. Harvard University Press.

World Bank. (2022). The state of global learning poverty: 2022 update. <https://documents.worldbank.org/en/publication/documents-reports/documentdetail/099000207152223103>